Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-08 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 127-2019

ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA SUMUSUPORTA SA LAHAT NG MGA PROGRAMA AT GAWAIN NG 2019 BUWAN NG WIKA NA MAY TEMANG "WIKANG KATUTUBO: TUNGO SA ISANG BANSANG FILIPINO", AT HUMIHIKAYAT SA MGA MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD ANG PAGGAMIT NG WIKANG PAMBANSA SA BUONG BUWAN NG AGOSTO SA MGA HAINGKAPASIYAHAN, PANUKALANG KAUTUSAN, TAKDANG TALAKAYIN AT MGA USAPIN SA MGA PANGKARANIWANGPAGPUPULONG BILANG PAKIKILAHOK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA, GAYUNDIN ANG PAGHIKAYAT SA MGA MALOLENYO NG PATULOY NA PAGKILALA SA SARILING WIKA.

Akda ni: Kgg. PATRICK S. DELA CRUZ
Ka-may Akda: Kgg. MICHAEL M. AQUINO, Kgg. DENNIS D. SAN DIEGO, Kgg.EMMANUEL R. SACAY at Kgg. LUIS ALFONSO M. ARCEGA

SAPAGKAT, sang-ayon sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 ang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wika mula ika-01 hanggang ika-31 ng Agosto;

SAPAGKAT, nasasaad sa Saligang Batas ng 1973 na ang Batasang Pambansa ay dapat na gumawa ng mga hakbang tungo sa paglinang at pormal na adapsyon ng isang panlahatang Wika na tatawaging Filipino at ang Sanggunian bilang bahagi ng mga lumilikha ng batas ay maging isang mabuting ehemplo sa paglinang at pagpapayaman ng Wikang Filipino, kaalinsunod sa Saligang Batas ng 1987 na ang Wikang Pambansa ng Pilipinas na Filipino ay nararapat na linangin, payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika;

SAPAGKAT, kinikilala ng Kilusan ng Wikang Filipino (KWF) ang kahalagahan ng mga wikang ginagamit ng mga Pilipino - ang katutubong wika para sa literasiya at edukasyon ng mga mamamayan, etnikong pangangailangan at pang-araw-araw na gamit; ang wikang pambansa para sa pambansang kamalayan, pagkakaunawaan, pakikipag-ugnayan at pagkakakilanlan na nararapat ding kilalanin ng mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod bilang tagapagtaguyod ng Wikang Filipino;

SAPAGKAT, ang isang katutubong wikang panlahat ay mahalagang kasangkapan sa komunikasyon, unawaan, kaisahan at kaunlaran ng bansa;

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Malolos ay nagpapahayag ng pagpapahalaga sa kultura, wika, at mga paniniwalang Pilipino, gayundin ang pagsasabuhay ng wikang Filipino sa mga sitwasyong waring higit na pinapaboran ang Ingles dahil sa globalisasyon;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagpapahayag ng pagkilala sa mga katutubong wika na nagsisilbing batayan ng nalilinang, pinauunlad, at pinagyayaman pang wikang Filipino na siya ring gumanap ng mahalagang tungkulin sa himagsikan tungo sa pagkakamit ng kasarinlan ng bansa;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Patrick S. Dela Cruz na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos na suportahan ang lahat ng programa at gawain ng 2019 Buwan ng Wika na may temang "Wikang Katutubo: Tungo Sa Isang Bansang Filipino", at hinihikayat ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ang paggamit ng wikang pambansa sa buong buwan ng Agosto sa mga haing kapasiyahan, panukalang kautusan, takdang talakayin at mga usapin sa mga pangkaraniwang pagpupulong bilang pakikilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika, gayundin ang paghikayat sa mga Maloleño nang patuloy na pagkilala sa sariling wika.

IPINASIYA PA RIN, na mabigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kaalaman at suporta.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*080819